**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**
**April 6, 2021 (12:02 P.M. – 1:26 P.M.]**

**SEC. ROQUE:** Magandang tanghali, Pilipinas.

Nagbigay ng direktiba po ang ating Presidente sa Philippine Health Insurance Corporation na kasama sa health insurance coverage ang RT-PCR test, isolation sa accredited community isolation units, at hospitalization para sa mild at critical cases ng COVID-19. Kaugnay nito, kung ang tents ay kasama sa in-patient care, kailangan covered ito sa kasalukuyang in-patient COVID-19 package.

Mamayang hapon po ay bubuksan sa Quezon Institute ang 110-bed moderate to serious bed capacity. Kasama ito sa modular hospital na ating pinapatayo para sa moderate to severe patients, naroon ang ilang piling miyembro ng Gabinete. Inaasahan din na naroon ang chair ng Health Committee on Health and Demography, si Senator Christopher "Bong" Go. Ito po ang ilan sa mga larawan ng Quezon Institute.

Magbubukas din sa linggong ito ang mga sumusunod. Tingnan po natin ang mga larawan at videos:

Subic Manila Times Colleges na mayroong 300-bed capacity
New Clark City na may additional 165 beds
Eva Macapagal Terminal Manila na mayroong 200 beds
At Orion, Bataan Port Terminal na mayroon 100 beds

Samantala, nagpapatuloy ang libreng sakay ng DOTr para sa ating mga health workers at medical frontliners. May dalawampu't isang ruta ito at mayroon nang mahigit dalawang milyon or 2,239,716 ang naka-avail nito sa buong bansa. At ngayong panahon ng ECQ, mayroon ding ipinatutupad ang DOTr at LTFRB na libreng sakay para sa Authorized Persons Outside of the Residence kung saan limampung jeepney routes na bumibiyahe sa ilalim ng service contracting program ang in-activate [activated].

Sa mga nagsasabi na hindi raw sapat ang isanlibong pisong amelioration assistance bawat indibidwal or 4,000 pesos bawat pamilyang Pilipino, patuloy ang DSWD na nag-i-implement po ng mga regular social welfare services nito kagaya ng AICS, iyong Assistance to Individuals in Crisis Situation, para tumugon sa iba pa pong mga pangangailangan ng mga kababayan nating mahihirap gaya ng medical, burial, transportation assistance at iba pa. Gayun din ang resource augmentation nito sa LGUs para sa mga family food packs upang tumulong sa LGUs na tugunan ang pangangailangan ng kanilang mga nasasakupan. Mayroon din tayong 4Ps beneficiaries.

Sa parte naman po ng DOLE, patuloy ang ating TUPAD o Tulong Panghanapbuhay sa Disadvantaged/Displaced Workers with or without COVID.

COVID-19 update naman po tayo. Ito po ang ranking ng Pilipinas ngayon sa mundo ayon sa Johns Hopkins: Number 30 pa rin po ang Pilipinas pagdating sa total cases; Number 19 sa active cases; Number 134 sa cases per one million population; at Number 94 sa case fatality rate, ngayon po ay 1.7% below the world average of 2.1%

Mayroon tayong 8,355 na mga bagong kaso ayon sa April 5, 2021 datos ng DOH. Sa mga aktibong mga kaso, 98.5% ay mild at asymptomatic; nasa 0.5% ang kritikal; at 0.6% ang severe. Nasa 646,237 ang kabuuang bilang ng mga gumagaling; samantala, malungkot naming binabalita na nasa 13,435 na po ang binawian ng buhay dahil sa coronavirus –nakikiramay po kami. Nasa 1.67 po ang fatality rate.

Ito po ang confirmed COVID-19 cases by adjusted date of onset as of April 5, 2021: Nakita ninyo po na matapos ang Semana Santa, bumaba po 'no. Pero hindi pa po tayo sigurado kung ito po ay epekto na noong ating naunang travel bubble kasi nga po, Semana Santa baka kakaunti lang po ang nagpa-test. So titingnan po natin sa mga susunod na araw kung nag-epekto iyong ating travel bubble kasi dalawang linggo po ang kinakailangang lumipas bago natin malaman kung naging epektibo iyong mga hakbang na ginawa natin.

Puno ba po ang ating mga ospital sa NCR? Tingnan po natin ang infographics: Sa NCR po, sa ICU beds – 79% ang utilized; ang isolation beds natin – 72% ang utilized; ang ward beds – 60% utilized; ang ventilators – 61% utilized.

Sa buong Pilipinas, ang ating ICU beds po ay 61% utilized; ang isolation beds natin ay 47% utilized; ang ward beds ay 51% utilized; at ang ating ventilators ay 43% utilized.

Sa ibang bagay, nakikiramay po kami sa pamilya, kasamahan at mahal sa buhay sa pagpanaw po ni dating press secretary, Manila Bulletin editor-in-chief at publisher, veteran journalist, Crispulo "Jun" Icban.

Dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Makakasama po natin ngayon muli, walang iba po kung hindi si NTF Chief Implementer Secretary Carlito Galvez who is also our Vaccine Czar; ang ating NTF Deputy Chief Implementer and our Testing Czar Secretary Vince Dizon; at UP-PGH Professor Dr. Edsel Salvaña.

Unahin po natin si Secretary Galvez. Sir, marami ang nagtatanong, kumusta po ang mga pagdating ng ating bakuna itong buwan ng Abril dahil nagsimula na po tayong magpabakuna ng mga seniors and those with comorbidities? The floor is yours, Secretary Galvez.

**SEC. GALVEZ:** Magandang umaga po, Sir Harry. At sa ngalan po ng lahat ng bumubuo ng National Task Force Against COVID-19 at ng vaccine cluster, isang magandang araw po sa ating lahat.

Una po, makikita po natin sa ating tinatawag nating—next slide, please. Iyong according to Bloomberg tracker, nakikita po natin na mayroon na po taong 673 million doses that had been administered worldwide sa 155 countries. The rate ng approximate natin is 16.2 million doses a

day. So nakikita po natin na talagang ang nauuna ay iyong apat na countries, at sila po halos ang bumubuo ng … kumukuha po ng mga tinatawag natin sa global market.

At nakikita po natin, ang ranking po natin, para malaman po ng iba ay ang Philippines ay ranking na po ng 50th out of the 155 countries, with a total of 854,063 doses as of 5 April. At nakita po natin dito—next slide po. Ang nakita po natin sa Southeast Asia ay nakikita po natin na pang-ano po tayo, pang-apat po tayo. Ito po, nakikita po natin na tayo po ay sumusunod po sa countries ng Indonesia, sa Singapore, Myanmar at saka po naungusan na po natin ang Malaysia.

Next slide po. Sa ngayon po ay nakita po natin noong last first quarter, nakapagtala po tayo ng 777,908 na vaccine po ang atin pong naiturok noong panahon ng March 1 to 31. At nakita po natin dito na tayo po ay nakapagtala din sa A1, mayroon tayong naitala na 754,762 na first dose at mayroon po tayong 4,104 sa second dose, at nakasama na rin po natin iyong A2 priority vaccinated na 11,000 at saka iyong A3 priority vaccinated 7,000.

Kung titingnan po natin sa second quarter, nakapagtala na po tayo ng 76,155 doses. At ngayon po, aasahan po namin na dahil po iyong deployment po natin nagpu-full swing na po tayo ng deployment ng one million Sinovac vaccine ay tataas po ang mga numero po natin.

Sa tanong po na ano po ang mga darating na vaccines this coming April, darating po ang Sinovac na 1.5 million at saka mayroon po tayong Gamaleya na 500 or more or less two million doses. So ngayong first … sa next week po baka dumating na po ang 500,000 ng Sinovac. So titingnan din po natin iyong Gamaleya, baka dumating na rin po this coming April 12.

So sa May deliveries po, magkakaroon po tayo ng two million sa Sinovac, sa Gamaleya and then darating na po and Moderna. So more or less, mga 4,194,000 po na doses ang matatanggap po natin.

Sa June po, magkakaroon po tayo ng more or less mga 10,500,000 doses kasama po ang Sinovac, Gamaleya and also Novavax at saka iyong delivery natin sa AstraZeneca.

And July, baka po tumaas po tayo, na magkaroon po tayo ng more or less mga 13.5 million.

And August delivery, 20,000 at hanggang maging ano po sa November.

So sa ngayon, mayroon na po tayong lahat na na-administer na more or less 854,063 na totally vaccinated at saka ang ating health worker na na-vaccinate is more or less 789,415. Iyon lang po Spox ang aking maibabalita sa ngayon at maraming salamat po.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, our Vaccine Czar, Secretary Carlito Galvez. Kasama rin po natin ngayon ang NTF Deputy Chief Implementer at Testing Czar, Secretary Vince Dizon. Sir, kumusta na po ang ating mga testing dahil alam naman ninyo sa panahon na malapit na ang eleksiyon, maraming pumupula, dito daw sa ating testing kinakailangan daw mag mass testing. Ano ba ho ang masasabi natin dito?

**SEC. DIZON:** Magandang hapon po, Spox Harry. Unang-una po, magbibigay lang po tayo ng mga datos para makita po ng ating mga kababayan kung kumusta po ang nagiging testing output natin nitong mga nakaraang buwan at importante iyong nakaraang mga linggo din, habang tayo ay tumataas ang mga kaso.

Unang-una po, kung titingnan po natin ang total test kada isang milyon ng ating populasyon, kung ikukumpara natin sa mga bansang isang daang milyon ang populasyon tulad ng Pilipinas at higit dito. Tayo po sa Asia ay pumapangatlo sa India, sa Tsina at mas mataas po tayo sa Japan at sa Indonesia, dalawang bansa na mas mataas ang populasyon kaysa sa atin.

Ito na rin po ang naging sanhi ng trabaho na ginawa ng ating Department of Health, ng ating RITM nitong nakaraang taon na pinadami po talaga ang ating mga testing laboratory. Maalala po natin, noong isang taong nilalabanan natin ang COVID nagsimula tayo sa isang laboratoryo lang, ngayon mahigit 200 at I think 240 labs na po tayo ngayon. Pero kailangan pa rin tuluy-tuloy pa rin ang pag-angat natin ng testing, dahil napakaimportante niyan. Kung titingnan natin, lumampas na tayo sa target natin na 10 milyon ngayong first quarter at sa ASEAN tayo po, total test conducted ay pumapangalawa sa Indonesia na nakapag-test ng mga 12 million, tayo po ay nakapag-test ng 10 million.

At kung titingnan naman natin nitong mga nakaraang linggo lalung-lalo na ngayong panahon na tumataas ang kaso nag-a-average po tayo ng 52,000 test per day. At ang pinakamataas pong naabot natin ay noong March 22 ay 58,00 tests ‘no. Pero hindi pa rin tayo kuntento diyan, kailangan pa rin pataasin natin ang test lalo na sa area natin dito sa NCR plus dahil dumadami ang mga kaso at kailangang mas mabilis ang turn-around time natin sa mga test. Kaya nga po nag-authorize po ang IATF at ang DOH na bumili ng dagdag na antigen test kits na validated ng WHO at ng FDA natin para makapagdagdag tayo sa NCR plus kasama ang Pampanga at Batangas ng dagdag na 30,000 test per day.

Alam ninyo napakaimportante nito dahil ang antigen kits ay mabilis nating malalaman kung sino ang positibo. At dahil doon, ang mga LGUs natin ay mas mabilis na makaka-isolate, at dahil din doon ang ating mga ospital ay mabilis ding mati-treat ang mga pasyente dahil mas mabilis nilang malalaman kung sino ang positibo.

Ngayon po, siguro dapat din na maipaliwanag natin nang kaunti itong mga nagiging panawagan ngayon tungkol sa mass testing na ang pagkakaintindi natin ay dapat i-test ang lahat ng 110 million Filipinos. Alam po ninyo sa buong mundo, ang mga eksperto po ay unanimous na ang mass testing ay hindi nirirekomenda. Halimbawa po ito po ay galing sa Amerika, sa UC Davis, ang sabi niya ang broad scale testing beyond high priority testing makes no sense. Ang importante ang sinasabi ng mga eksperto kasama na rin ang mga eksperto sa Pilipinas, kailangan ang testing natin ay risk-base at very targeted.

Mayroon din isa pang journal sa Amerika, ang sinasabi, hindi natin puwedeng gamitin ang testing lang para masolusyunan ang COVID-19. We cannot test our way out of this pandemic. Instead ang sinasabi niya, ang pinakaimportante pa rin na unanimous po lahat ng eksperto ay ang pagpapatupad ng minimum health standards – ang pagsusuot ng mask, ang paghuhugas lagi ng

kamay at ang pagdidistansiya. At ang testing ay kailangan na ang kaakibat niyan ay ang mabilis na pagti-trace at ang mabilis na isolation.

Kaya nga po kung titingnan natin ang datos, again, datos po ito 'no. Ang mga bansa po na pinakamadami ang tini-test sa buong mundo tulad ng Estados Unidos, sila din po ang mga bansa na pinakamarami ang kaso at ang masama pa po doon ay pinakamarami din po ang namatay. Halimbawa po ang Amerika, number one siya sa testing, number one din po siya sa cases, number one din po siya sa deaths. Ang India po number 2 sa testing, number 3 sa cases, number 4 sa deaths. At sa Europa naman po, ang Inglatera, ang United Kingdom, number 4 sa testing, number 6 sa cases at number 5 sa deaths.

Kailangan po talaga pag-aralan nating mabuti ito at sundin natin ang advice ng mga eksperto. Sa Pilipinas po makikita natin, tayo ay number 28 sa total testing, tayo naman ay number 30 sa total cases at number 33 sa total deaths. Kaya nga po iyong ating mga eksperto tulad noong atin Health Professionals' Alliance Against COVID-19, naglabas po sila ng statement ngayong araw na ito at niri-remind din nila tayo na kailangang sundin po natin ang siyensiya at sundin po natin ang mga eksperto. Babasahin ko po ang part ng statement ng HPAC, ang sabi po nila, indiscriminate mass testing of asymptomatic individuals using test with sub-optimal sensitivity is neither feasible nor practical. Indiscriminate testing without proper counseling on the implications of the results can lead to complacency and false sense of security if test results are negative or on the other hand false positive results can lead to undue panic, stigma ang unnecessary isolation.

Kaya po mamaya po kasama po natin si Dr. Edsel Salvaña siya po ang foremost infectious disease expert natin. At siguro po mas maipapaliwanag niya ang siyensiya dito at kung bakit kailangang mag-iingat po tayo dito sa mga panawagan para i-test lahat ng Pilipino at kailangan po talaga sundin natin ang experts at kailangan natin ang isang risk-base at targeted testing pero kaakibat nito ang mga iba't iba pang istratehiya tulad ng minimum health standards at ng mabilis na tracing at ng mabilis na isolation.

Maraming salamat po.

**SEC. ROQUE:** Okay. Kasama din po natin—thank you, Secretary Vince Dizon. Kasama rin po natin si UP-PGH Professor Dr. Edsel Salvaña. Wala pa pala, he will join us later.

Punta muna tayo ngayon sa Quezon Institute kung saan mag-i-inaugurate po tayo, bubuksan natin ang isang 11o moderate and severe bed capacity. Pangungunahan po ito ng ilang mga miyembro ng Gabinete kasama si Senator Bong Go. Ito po ay isang temporary facility na binuo po ng ating DPWH, at ito po ay for moderate and severe cases kasi mayroon po siyang central oxygen line. Ito po iyong modular hospital sa grounds po ng Quezon Institute.

Kung maalala po ninyo ang Quezon Institute ay para sa mga may sakit ng tuberculosis, pero sa grounds po niya ay gumawa po tayo ng modular hospital for moderate and severe cases of COVID-19. Marami na po akong na-refer iyong mga naghihintay sa mga iba't ibang tents ng iba't ibang mga ospital 'no. Matapos po mamayang hapon ay magbubukas na po sila so

pupuwede po kayong tumawag sa One Hospital command Center kung gusto po ninyong magpa-confine dito sa Quezon Institute Modular Hospital for moderate and severe COVID cases.

So puntahan na po natin ang ating open forum. Mamaya po sasamahan tayo ni Dr. Edsel Salvaña. Usec. Rocky, simulan na po natin ang ating open forum.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, question from Jinky Baticados of IBC-13: Can we be enlightened about Data Privacy Act? May ilang empleyado ang nangangamba dahil sa isang company nagkaroon ng kauna-unahang case daw po ng COVID. Hindi pinangalanan ng management ang empleyado dahil sa batas na nagsasabi hinggil sa privacy sa COVID patient.

**SEC. ROQUE:** Hindi po talaga inaanunsiyo kung sino iyan pero dapat may contact tracing. So dapat po iyong gumagawa ng contact tracing, sila ang nagsasabi na na-expose sila at sila ang dapat na nag-a-advice na kinakailangan din silang mag-isolate 'no for 14 days. Mandatory po iyan, contact tracing.

**USEC. IGNACIO:** Second question po niya: Dapat bang sabihin ng kumpanya kung sino nga ito at ano ang dapat gawin para mawala ang pangamba ng mga empleyado?

**SEC. ROQUE:** Hindi na po kinakailangan sabihin kung sino iyong nagpositibo pero importante po na masabi nagkaroon sila ng contact. Whether or not it is close contact, well depende na po iyan sa sitwasyon nila. Pero importante po na iyong contact tracing dapat gawin po iyan sa lalong mabilis na panahon dahil ang iniiwasan nga po natin iyong exposure na more than 24 hours na hindi po nag-a-isolate.

**USEC. IGNACIO:** Ang third question niya: Sa OFWs na dumating sa bansa, nakapag-quarantine na at lumabas na ring negatibo sa kanilang swab result, ano daw po ang gagawin nila para makauwi sa probinsya?

**SEC. ROQUE:** Wala po tayong tinigil na public transportation pauwi ng probinsya. May mga barko po tayo, may mga eroplano, may mga bus 'no so kukumpletuhin po nila iyong 14-day quarantine nila sa kanilang mga probinsya. Kinakailangan makipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan kung saan sila uuwi.

**USEC. IGNACIO:** Salamat, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Okay. Punta naman tayo kay Mela Lesmoras, please.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Hi! Good afternoon, Secretary Roque. Good afternoon po sa ating mga iba pang Kalihim. May I go first, sir, kay Secretary Galvez?

**SEC. ROQUE:** Go ahead, please.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Secretary Galvez, I understand naipaliwanag na natin iyong vaccine supply update. Itatanong ko lang po sana kung kumusta iyong iba pa nating negosasyon sa iba pang kumpanya; and particularly ano pong balita, sir, sa Pfizer at Sinopharm?

**SEC. GALVEZ:** Sa ngayon po mayroon na po tayong apat na nai-close na supply agreement and also pina-finalize na namin iyong supply agreement sa Johnson and Johnsons. And we are also having iyong mga signatures ng mga tripartite agreement natin so all in all mayroon tayong 138 na doses na inaasahan. Sa ngayon ang nakita natin na talagang very firmed up iyong ano natin is Sinovac, mayroon tayong ini-expect na 1.5 million ngayong April. And also iyong sa Gamaleya Sputnik most likely ngayong week namin magkakaroon ng signature and then at the same time makakakuha tayo ng 500,000 for the elderly na puwede nating gamitin.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Opo. Sa Sinopharm at saka sa Pfizer po kaya, Secretary Galvez, ano po iyong update na sa mga ito?

**SEC. GALVEZ:** Ongoing ngayon ay iyong processing ng Sinopharm at the same time may mga interested na talagang mag-apply ng mga EUA doon sa Sinopharm. We are processing it, we are looking na lang iyong tinatawag nating mga clinical trials niya and we are assessing na kung just in case katulad ng ginawa natin sa mga nauna, talagang dadaan sila sa proseso.

And then iyong sa Pfizer, ongoing nga ang ating negotiation with lawyer-to-lawyer kasi alam natin na napakahigpit ng kumpanyang ito in terms of sa indemnification. So iyon po ang ongoing na ano natin. So sa lahat po, halos lahat ng—pito nating portfolio, halos iyong anim talagang halos talagang buo na po iyon, iyon na lang sa Pfizer po ang pina-finalize po natin.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Okay. Thank you, Secretary Galvez. For Secretary Roque lang po. Secretary Roque, marami-rami na rin kasi iyong nabakunahan. Do you think malaking factor po rin ito sa sitwasyon? Kumbaga kung hindi po ba tayo nag-start ng vaccination sa ngayon, mas mataas pa po kaya iyong COVID-19 cases?

**SEC. ROQUE:** Well, tingin ko po na lahat po ng nabakunahan are individuals spared from the disease ‘no. Pero ang ating warning po ‘no lalo na doon sa mga first shot pa lang eh hindi po kaagad nagkakaroon ng epekto iyan ‘no, it takes weeks bago makaepekto po iyan so patuloy pa rin po ang mask, hugas, iwas ‘no. Huwag po tayong magpapabaya bagama’t tayo po ay nabakunahan na.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Opo. And panghuli na lamang po, Secretary Roque. Nabanggit ninyo po kasi bukas nga iyong IATF meeting with the President. Matatalakay na po kaya dito iyong quarantine classification; at para lang din ma-refresh iyong memory ng ating mga kababayan, puwede ninyo po bang ma-differentiate kung ano iyong pagkakaiba ng ECQ at MECQ?

**SEC. ROQUE:** Mass gathering po iyan, public transportation ‘no. So sa ECQ po absolutely walang public gathering at saka sa ECQ po kakaunti lang iyong industriya na binubuksan natin. Sa MECQ po mas maraming industriya na bubuksan pero limitado rin po ang ating mass gathering.

So it’s a percentage of economy open po at saka iyong sa mass gathering, iyan po iyong pagkakaiba ng ECQ at MECQ.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Opo. So, Secretary, mapapag-usapan na po kaya bukas iyong quarantine classification dito nga sa ECQ bukas po?

**SEC. ROQUE:** Hindi pa po. Ang IATF meeting po para i-discuss iyong epidemiological data is on Thursday. So hindi pa po 'no but we anticipate probably a second meeting 'no of the IATF para nga po sa quarantine classification.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Okay. Thank you so much po, Secretary Roque at sa ating mga Kalihim.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Mela. Balik tayo kay Usec. Rocky, please.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, tanong from Rose Novenario of Hataw, tanong po kay Secretary Vince Dizon: Sa kasalukuyang sitwasyon, pinagkakakitaan ng private laboratories ang pandemya. Kailan daw po ipatutupad ng gobyerno ang free mass testing?

**SEC. DIZON:** Unang-una po 'no, noong nakaraang taon naglabas po ang ating mahal na Pangulo ng executive order para i-cut ang presyo ng PCR test 'no. Kung maalala natin noong nakaraang taon, umaabot kahit na mahigit sampung libo kada test 'no, pero ito'y kinat [cut] ng ating Pangulo at simula noon ay pababa na nang pababa ang cost ng PCR testing.

Pero kagaya noong sinabi ko kanina, lahat po ng eksperto sa Pilipinas at sa buong mundo ay hindi po nirirekomenda ang mass testing ng lahat ng mga—ng buong populasyon ng isang bansa. Ang kailangan po natin ay risk-based at targeted testing at kailangan po kaakibat ng testing ay ang pagsunod sa minimum health standards na sinasabi ng mga eksperto hanggang 85 to 90 percent ang kayang i-prevent ang transmission ng COVID-19 at ang iba pang mga istratehiya tulad ng tracing at ng mabilis na isolation.

**SEC. ROQUE:** Kasama na po natin ngayon si Dr. Edsel Salvaña. Sir, paki-explain nga po, may mga politiko pong nagsasabi kinakailangan lahat ng Pilipino ma-test. Tama ba hong istratehiya ito? The floor is yours, Dr. Salvaña.

**DR. SALVAÑA:** Magandang hapon po, Spox Harry. Magandang hapon sa lahat.

Iyong strategy po natin sa testing kasi, ang problem is depending on where you are on your disease, naaapektuhan po kasi iyong accuracy noong ating test. So kung nahawa po kayo today, it will take about 3 days for you to even test positive on PCR and even then, mga 33% lang iyong possibility na mag-test positive kayo. And then 'pag nagkaroon na kayo ng sintomas which is usually the 5th day, ang accuracy po noong PCR is about 62%. On the third day of symptoms na if you do a PCR, about 80% po iyong sensitivity noon and then it starts to go down after that.

So ang problem po kasi especially if hindi tayo targeted testing, 'pag nag-test po tayo ng isang tao na hindi natin iniisip iyong timing noong kaniyang pagkahawa at wala po talaga silang sintomas, you are in danger of clearing someone 2 out of 3 times na mayroon silang COVID pero negative sila on RT-PCR. Kaya po talaga because our tests are not perfect and are time-dependent, importante po talaga iyong timing noong testing at kung sino po iyong tini-test natin.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Dr. Edsel Salvaña.

Idadagdag ko lang doon sa question ni Rose ‘no. Rose, kasama po sa PhilHealth package natin ang RT-PCR test kapag ikaw po ay isang medical frontliner, economic frontliner, mayroong exposure or mayroong sintomas. Kaya nga po bilyun-bilyon palagi ang sinisingil ng Philippine Red Cross sa ating PhilHealth ‘no. Gobyerno po ang nagbabayad niyan sa pamamagitan ng PhilHealth at ito po ay kabahagi noong Universal Healthcare Law natin.

Okay. Punta naman tayo Usec. Rocky muli.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, iyong tanong po ni Kris Jose ng Remate Online para po kay Secretary Galvez nasagot na po niya, iyong tungkol sa pagdating ng mga vaccine. Tanong ni Leila Salaverria ng Inquirer for Secretary Dizon: Is there a plan to expand our capacity for RT-PCR testing beyond 50,000 test a day? Are there plans to put up more testing labs or would the government be depending on antigen test to expand testing capacity?

**SEC. DIZON:** Hindi po, tuluy-tuloy po ang expansion natin ng RT-PCR labs. Pero kagaya nga ng sinabi ni Dr. Salvaña kanina, kailangan kasi ang ginagamit nating mga test ay in combination at dapat alam natin kung anong klaseng test ang dapat nating gamitin sa iba’t ibang sitwasyon at kailangan talaga pakinggan natin ang advice ng mga eksperto at iyon ang ginagawa ng national government.

Alam ninyo, Rocky, at sa nagtanong, ang RT-PCR ay isang napaka-kumplikadong test at lalo na sa panahon ngayon na medyo dumadami ang kaso. Marami sa mga laboratoryo natin ay tinatamaan din ng COVID. Ang mga med-tech natin sa iba’t ibang laboratoryo tulad ng Philippine Red Cross ay tinatamaan ng COVID. At kapag tinamaan ang med-tech ng COVID siyempre maapektuhan ang abilidad noong lab na iyon na mag-test ng mga specimen.

Kaya nga minarapat ng ating mga eksperto na magdagdag tayo, mag-augment tayo ng antigen test dito sa area ng NCR plus kasama ang Pampanga at Batangas para matulungan natin iyong mga PCR labs natin na tinatamaan din ng COVID ngayon. Kailangan po talagang pag-aralan ito ng mabuti at hindi tayo basta-bastang magsasabi na lang na i-test natin lahat ng tao. Makinig po tayo sa mga eksperto.

At idadagdag ko lang doon ano, hindi natatapos sa testing, kailangan na ang importante ding gawin natin ay mabilis tayong mag-isolate. Kaya ngayon napansin ninyo ni-report po ni Spox Harry at ni-report ng National Task Force na dinadagdagan pa natin ang madami na nating isolation facilities. At ngayon po tayo ay nakikipag-partner sa mga organizations tulad ng Philippine Red Cross na magtatayo sa iba’t ibang eskuwelahan, tulad ng mga high school, mga college para talagang magdagdag pa tayo ng isolation facilities. Kasi, napakaimportante niyan at nagpapasalamat tayo sa mga organisasyon tulad ng Red Cross para dito.

**USEC. IGNACIO:** Tanong naman po ni Isa Umali ng DZBB kay Secretary Roque: May desisyon na ba kung i-extend pa ang pagpapatupad ng price ceiling sa pork and chicken sa National Capital Region?

**SEC. ROQUE:** Pinag-aaralan pa po iyan. Bagama't talagang ang solusyon po sa kakulangan ng baboy ay iyong pag-angkat at saka iyong repopulation natin ng mga nasalantang populasyon ng baboy dahil nga po sa ASF. Melo Acuña, please.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Good afternoon, Mr. Secretary. The FDA said, Ivermectin is still not allowed. Now, we have a congressman, Congressman Defensor saying people can get Ivermectin from him. What does Malacañang got to say about such a situation?

**SEC. ROQUE:** Well, ang Ivermectin naman po kasi rehistrado siya pero hindi pantao at for a different purpose, hindi pang-COVID. So kung kayo po ay may problema sa mga peste o kaya aso na may galis iyan po iyong ibinibigay, nagamit ko po iyan sa aking aso. Pero para sa COVID-19 eh wala pa po tayong datos na nagpapakita na talagang epektibo siya, bagama't mayroon na pong nag-apply for compassionate use. Ang aking pakiusap, hintayin na lang po natin kasi mabilisang naman po iyang desisyon ng FDA na iyan. Hindi naman po magtatagal iyan. At ito naman po ay para sa ating interes din dahil kinakailangang mapatunayang mabisa, epektibo at ligtas itong gamot na ito para sa COVID-19.

**MELO ACUÑA /ASIA PACIFIC DAILY:** Mr. Secretary, workers appreciate Malacañang, doon sa ginagawang efforts ng DOLE at ng DTI to check on worker's conditions ngayon na ECQ. Doon daw po sa concern na iyon, may kasabay kayang hazard pay para sa mga nagtatrabaho?

**SEC. ROQUE:** Sa gobyerno po may hazard pay talaga po dahil ECQ. Sa private sector kung hindi po ako nagkakamali, it is a voluntary lalung-lalo na doon sa hindi pupuwedeng mag-work from home.

**MELO ACUÑA /ASIA PACIFIC DAILY:** Would you call on the private sector to at least include hazard pay for their workers?

**SEC. ROQUE:** Mayroon na pong issuance diyan ang DOLE na kung pupuwede mabigyan nga po ng hazard pay iyong mga nagtatrabaho sa panahon ng ECQ.

**MELO ACUÑA /ASIA PACIFIC DAILY:** For Secretary Galvez with your indulgence. I have a friend who sent this query. He has about 200 employees coming from different towns. Now, he would like to have these employees and the immediate family vaccinated for everyone's peace of mind. How would such a company get the vaccines for its people? What would be your advice?

**SEC. GALVEZ:** Ang maganda po ay magkaroon po tayo ng tripartite agreement iyon po ang inano natin na iyong mga company po na iyon, puwede pong makipag-ugnayan sa ating mga point person at ipapadala ko po iyong mga point person ng different companies na nag-o-offer po ng tripartite agreement.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** I see. Mabuti po kung ganoon. Para kay Secretary Harry Roque. Libre nga po iyong sakay, pero mayroon daw po bang liwanag na mabibigyan na ng pagkakataong makasakay na ng bus ang mga taga-Bicol at taga-Quezon province? May

nahuli kamakailan, mga pito pong nag-positive sakay ng mga colorum vans pauwi sa Bicol. Ano po ang gagawin ng pamahalaan?

**SEC. ROQUE:** Well, nabalitaan nga po natin iyan 'no. At talagang hinahanap po natin ngayon iyong truck na nagsakay ng mga tao na parang sardinas 'no. Iyan po ay sure recipe for COVID-19 na talagang para kayong sardinas na sinakay doon sa truck na iyon. At ngayon po ang katugunan ng ating DOTr ay magkakaroon na rin po sila ng mga hakbang para masigurado na itong mga truck na ito ay cargo ang laman at hindi po mga tao. So, ang alam ko po, ang mga provincial buses ay gumagana po, hindi nga lang po 100% capacity, 50% capacity. So, hindi naman po kinakailangang sumakay ng truck, pupuwede naman po sigurong sumakay [sa bus].

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Mga colorum vans po ito, Secretary.

**SEC. ROQUE:** OO, iyon nga po huwag na kayong mag-colorum, kasi that's the surest way na mahahawa kayo ng COVID-19. Sa kagustuhan ninyong makauwi baka magkasakit pa kayo at baka mahawa pa ninyo iyong mga mahal ninyo sa buhay diyan sa probinsiya.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Maraming salamat po, Secretary. Good afternoon.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Melo. Back to Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, tanong ni Einjhel Ronquillo ng DZXL nasagot na po ninyo about kung mai-extend ang price cap ng karne. For **DR. SALVAÑA:** May ilan daw pong kongresista ang namimigay ng Ivermectin at itinitinda na rin ito sa mga social media kahit na hindi aprubado ng FDA ang paggamit nito, paano ito tutugunan ng gobyerno?

**DR. SALVAÑA:** Well, actually mukhang sinagot na rin naman ni Sec. Harry. But the bottom line is siguro from an infectious disease stand point po, dahil ako po ay isang eksperto po sa infectious disease at sa tropical medicine din po. Actually, ginagamit po talaga namin iyang Ivermectin sa mga bulate. Now iyong formulation po na para sa tao na Ivermectin po mayroon po tayo niyan dati dito pero hindi na po ni-renew kasi ng Merck noong 2018, iyong Merck kasi ang gumagawa po noon. Kaya ngayon ang ginagawa po ng FDA ay sinusuri po nila iyong mga oral formulations. Pero ang caution ko lang po bilang isang tao na nakagamit na ng Ivermectin sa aking mga pasyente na may bulate, iyong dose po ng Ivermectin para sa bulate is about 3 to 15 milligrams once lang po iyan.

Iyong sinasabi po na gamitin para sa virus na wala naman talagang ebidensiya sa ngayon, mataas po iyong dose, kasi they used 15 milligrams tapos repeated dosing po. Sa ganiyang mataas na dose po puwede po magkaroon ng brain damage ang isang tao at puwedeng mamatay kung ma-overdose ng todo-todo. Assuming po tama iyong gamot na nakuha nila, kaya importante po na maganda po talaga iyong gagamitin na manufacturer kung sakali mang ipapasok ito at kinakailangan po talaga iyong mga pag-aaral ay alam po natin na the benefits is worth the risk lalo na kung mataas iyong mga dose.

And finally, siguro iwa-warning ko lang po para mayroon namang fair warning iyong mga tao: Ang Ivermectin po ginagamit pampurga. Kung gumamit po kayo ng Ivermectin baka magulat na

lang kayo may nagmimistulang spaghetti po doon sa inyong inidoro, baka lumalabas na po iyong bulate sa puwet ninyo. Kaya medyo mag-ingat po tayo sa Ivermectin, pasintabi na lang po na alam ko may mga nagla-lunch po diyan, pero napaka-potent po na anti-worm medicine ng Ivermectin, baka bigla pong maglabasan lahat ng bulate ninyo.

**USEC. IGNACIO:** Question from Ivan Mayrina ng GMA News. For Secretary Vince Dizon, although iyong iba po ay na-mention na ninyo, Secretary Dizon, pero iyong follow up niya: Infectious disease experts are saying that the current positivity rate, we should be testing at least 100 to 120,000. Are we doing some sort of an audit or quality assurance to make sure that the results from labs are accurate and reliable? Are we doing some sort of an audit or quality assurance to make sure that results from labs are accurate and reliable?

**SEC. DIZON:** Opo. Ang RITM po natin at ang ating mga regulators sa DOH ay regularly po tsinitsek at nira-random check ang ating mga laboratoryo 'no. Very important po iyan 'no at kailangan talagang masigurado natin iyong accuracy ng ating mga laboratoryo ay laging mataas ang standard 'no at hindi bumababa ang standard of accuracy.

Pero kagaya nga po ng sinabi ni Dok Edsel kanina, wala pong 100% na test for COVID-19. Kahit na PCR po iyan, hindi po iyan 100%. Kaya po kailangan talaga ang pagti-test ay ginagamitan ng iba pang mga factors, ng assessment. Kaya iyong paulit-ulit pong sinasabi ng ating mga eksperto, kailangan ito ay risk-based at targeted.

Kaya mag-ingat po talaga tayo kapag sinasabi natin na ang solusyon sa COVID-19 ay i-test ang lahat ng Pilipino. Napakadelikado po niyan at iyan po ay hindi po talaga nirirekomenda ng mga eksperto hindi lang sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Dizon. Thank you, Secretary Roque.

**SEC. ROQUE:** Okay. Hannah Sancho of SMNI.

**HANNAH SANCHO/SMNI:** Yes, sir, good afternoon. Sir, iyong mga private sector po ay nananawagan po sila, sir, ng suspension po ng Data Privacy Act para maging mas efficient po iyong contact tracing. Ano po ang masasabi ng Palasyo tungkol dito?

**SEC. ROQUE:** Wala pong inconsistency kasi iyong ating contact tracing po ay nakabase rin sa ibang batas naman 'no na nagsasabi na kapag ikaw ay nagkasakit ng isang nakakahawa, kinakailangan niri-report mo sa Department of Health. So pinagbibigay-alam po natin sa DOH 'no at hindi sa ibang mga tao.

So wala pong inconsistency sa dalawang batas na iyan, at in fact, kung magiging efficient lang po ang ating mga contact tracers ay sila na po ang magbibigay ng notice doon sa mga na-exposed na kinakailangan silang mag-isolate without having to identify kung sino iyong tao na iyon.

**HANNAH SANCHO/SMNI:** Sinasabi rin, sir, ng OCTA Research na mahina po ang mass testing at contact tracing na ginagawa ng pamahalaan. Ano po ang masasabi ng Palasyo dito?

**SEC. ROQUE:** Well, gaya ng sinabi ni Secretary Vince Dizon, tayo po ay targeted testing ‘no. At importante po na strategic ang ating gagawing testing dahil gaya nang nasabi na niya kanina pa, hindi naman po epektibo iyong lahat ng tao ay iti-test. At sabi nga po ni Dr. Edsel, depende kasi iyan kung kailan iyong naging exposure, otherwise hindi rin reliable iyong pagti-test.

Pagdating po sa contact tracing, siguro po talaga kinakailangang paigtingin ang ating contact tracing. Pero ngayon po ay makakatulong po talaga iyong ating StaySafe app natin ‘no dahil ngayon, this is now recognized as the national app at nakadikit din po ito doon sa Google, Apple program ‘no. So tingin po natin, mapapaigting na natin iyan. And then, of course, iyong iba’t ibang mga departamento ay nag-contribute na ng manpower para mas paigtingin pa iyong ating tracing, kasama na po diyan ang DOLE at hindi lang ang DILG.

**HANNAH SANCHO/SMNI:** Sir, nag-viral po iyong isang post ng isang doktor sa Cavite kung saan makikita po iyong isang pasyente po, tapos masyadong puno na iyong ospital nila, sir, nasa loob po ng kotse, sir, nag-stay iyong patient; nasa labas ng car niya iyong kaniyang oxygen and [unclear]. Ganito na po ang sitwasyon ng mga hospitals natin, sir. Basta para ma-accommodate lang, sir, sa kotse na pinag-stay. Ano po ang masasabing Palasyo dito, sir, sa ganitong sitwasyon na kinakaharap ang ating mga health workers and, of course, iyong mga patients po natin?

**SEC. ROQUE:** Makakatulong po siguro kung tatawag tayo po sa One Hospital Command Center. Kasi doon po kapag tumawag kayo doon, sasabihin na nila kung saan kayo pupuwedeng pumunta. Kung puno na nga po sa Metro Manila, iri-refer nila kayo sa mga ospital sa mga karatig na probinsiya ‘no. Pero kung kayo po ay mag-o-ospital-ospital, mahihirapan po talaga kayo dahil talagang marami na pong puno dahil ang mga pribadong ospital po ay up to 20% lang po naman ang kanilang COVID bed capacity ‘no. So tumawag po tayo sa One Hospital Command Center.

**HANNAH SANCHO/SMNI:** Sir, last question na lang, sir. Puwede po bang maging accountable sina Congressman Defensor at iba pang mga mambabatas na sumusuporta o sumusulong sa paggamit ng Ivermectin kahit wala pa tayong mga … hindi pa ito pinapahintulutan ng FDA?

**SEC. ROQUE:** I will not give a legal advice on something na I am not engaged professionally ‘no. So importante po na-stress lang natin ang mandato ng FDA, sila po ang magbibigay ng approval para masiguradong ligtas, epektibo ang mga ginagamit na gamot lalung-lalo na kung ito po ay gagamitin laban sa COVID-19.

**HANNAH SANCHO/SMNI:** And just for clarification, sir: Hindi iligal ang ginagawa ni Congressman Defensor na namamahagi po siya ng Ivermectin?

**SEC. ROQUE:** Hindi po siya magbibenta, ang alam ko po—

**HANNAH SANCHO/SMNI:** Namamahagi, nagbibigay.

**SEC. ROQUE:** Oo, iyong namamahagi ‘no. Bawal po iyong pagbibenta. Bagama’t depende po iyan kung gaano karami nga iyong kaniyang pinapamahagi kasi baka it amounts to distribution

din. Pero I don't want to give a legal opinion on a matter na hindi ko po talaga alam kung ano iyong facts.

**HANNAH SANCHO/SMNI:** All right. Thank you, sir. Good afternoon.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat po. Back to Usec. Rocky, please.

**USEC. IGNACIO:** Yes. From Ian Cruz of GMA News para po kay Secretary Galvez. Iyong first question po niya ay nasagot na ni Secretary Galvez, part ng kaniyang presentation. Second question niya: Nabanggit po ni Dr. Rabi of WHO na may delay sa pagdating ng mga bakuna from COVAX Facility. Kung AstraZeneca ito, paano iyong second dose ng mga nabakunahan na?

**SEC. GALVEZ:** Nakita po natin talaga na mayroon pong problema iyong tinatawag nating global supply even alam natin sa India, sa Europe or even sa US. So ang naano po natin ngayon ay talagang ginagawa po natin ang lahat ng magagawa, may mga diplomatic relation natin ngayon para makapag-produce tayo ng AstraZeneca vaccine.

Umaasa po kami na mayroon po tayong makukuha considering that mayroon din tayong procurement. And rest assured na we will do our best na iyong second dose ng 525,600 doses ay magagawa po natin iyan. At nagsabi naman po si Dr. Rabi na baka po dumating mga end of April.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang third question po niya: Paano pinaghahandaan ng Pilipinas ang inaasahang malaking shortage ng bakuna? Kaya pa ba ang target na herd immunity this year?

**SEC. GALVEZ:** Nakita po natin talagang magkakaroon po tayo ng adjustment. Ang ano po naman natin, ang target natin is 50 to 70 million. Nakikita natin sa ngayon, sa month ng April, nagkaroon po tayo ng slippage ng more or less 1.5 million, and we are expecting also considering that tumataas po talaga iyong tinatawag nating nationalism vaccination. So nakita natin iyong mga countries na nagpo-produce ay they tend to gather all the supplies, at the same time, to pick up, talaga to accelerate their vaccination.

But we expect also na by month of July, magkakaroon ng easing out of the global supply considering na nangako rin naman po sila kapag once na natapos na sila, they will share some of their excess to their allied countries.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Galvez.

**SEC. ROQUE:** Okay. Maraming salamat, Sec at saka Usec. Punta tayo kay Trish Terada, please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Hi! Good afternoon, Spox and to our guests today. Sir, first question, it may be addressed to you or to Secretary Vince po. With your indulgence lang, sir, where did the government get the impression or the idea that mass testing means testing entire 110 million Filipinos? Because from our understanding, sir, or most of us think na iyong calls for

mass testing is about giving the people the capacity to get tested for free when the need arises. Kumbaga kung pakiramdam po nila na kailangan nila, puwede silang magpa-test for free. Because right now, sir, ang situation po natin, hindi po ba, PhilHealth will shoulder some people at least iyong given po doon sa bracket na covered, but marami pa rin po kasing nagko-complain pa rin sa mahal ng testing, kawalan ng abilidad po na magpa-test dahil nga po sa cost.

And from experience, sir, and doon din po sa research ko, I joined some swabbing groups, pare-pareho po iyong concerns that some labs do not entertain PhilHealth and iyong iba, marami pa rin po iyong hindi rin alam kung paano gamitin iyong PhilHealth for testing.

**SEC. ROQUE:** Well, siguro bago si Sec. Vince Dizon, ang PhilHealth po, pupuwede pong bayaran ang inyong testing kung kayo po ay medical frontliner, economic frontliner, mayroong exposure at mayroong sintomas. Okay? So huwag po kayong mag-atubili, at most ang babayaran ninyo po ay 300 pesos 'no. So ang bayad po diyan ay PhilHealth 'no, kaya nga po bilyun-bilyon, iyan na po ang single largest expenditure ng PhilHealth. So hindi naman po tama na sabihin natin hindi tayo nakapagbibigay ng libreng testing sa ating mga kababayan dahil iyan nga po ang binibigay ng PhilHealth.

Pero as for the rest of the question, I defer to Secretary Vince Dizon.

**SEC. DIZON:** Salamat po sa tanong. Very, very valid question. Pero ang very clear na sinasabi ng mga eksperto nga na dapat risk-based at targeted ang testing. Anong ibig sabihin noon? Ang ibig sabihin noon, kailangan mayroong guidelines o mayroong nag-a-assess kung kailan ang isa tao ay dapat magpa-test. Hindi pupuwede na ang tao mismo ang magdi-determine kung siya ay dapat magpa-test o hindi dahil kailangan ito ay either irirekomenda ng isang doktor, kung ikaw ay may sintomas or papasok ka sa guidelines na sinet ng eksperto. Halimbawa, kung ikaw ay close contact ng isang may sintomas o close contact ng isang COVID positive or ikaw ay nanggaling sa isang lugar na napakataas ng incidence o prevalence ng COVID-19. Iyon ay kailangan base sa mga guidelines na ang gumagawa mga eksperto. Iyon ang ating ginagawa dahil iyon ang advice ng experts.

Ang problema kasi sa concept ng mass testing is kagaya ng sinabi mo, puwedeng ako mismo ang magdesisyon kung kailan ako dapat magpa-test. Ang sinasabi ng mga eksperto, kailangan guided iyong desisyon na iyon – guided either by a professional or guided by very, very specific protocols set by professionals and experts. At tama po iyong sinabi ni Spox Harry na kapag ikaw ay isang Pilipino na pasok doon sa protocols at guidelines set ng mga eksperto, ang test mo ay dapat libre.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** Sir, that's right. Tama po na dapat iyon nga, nakapasok doon sa guidelines. But for example, sir, may mga tao pa rin, for example ngayon na naghahanap ng kasagutan kung paano ba sila makaka-avail nito. May easier way ba, sir, other than PhilHealth to access our testing or testing na hindi po ganoon kabigat sa bulsa? Kasi po from what we understand hindi lahat may PhilHealth or parang iyong iba hindi marunong gumamit ng PhilHealth and many labs, sir, hindi niri-recognize or walang option to use PhilHealth. Paano po kaya iyon, sir?

**SEC. ROQUE:** Well, Trish, as the author of the Universal Health Care Law in the 17th Congress ‘no, lahat po ng Pilipino miyembro ng PhilHealth. So wala pong dahilan para hindi PhilHealth ang magbayad ng inyong PCR test kung qualified ka makakuha ng PCR test. Iyong ikaw ay nasa isang lugar na maraming kaso ng COVID-19, eh ngayon 20% ang ating positivity rate, sa akin dahilan na iyon para magbayad ang PhilHealth at patuloy naman po ang pagbabayad ng PhilHealth ‘no. So hindi po hadlang kung hindi kayo miyembro, hindi kayo niri-require ng kahit anong ID, kinakailangan lang po ang pangalan ninyo at bibigyan naman kayo ng number ng PhilHealth.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** All right. Sir, may I please go to Sec. Charlie?

**SEC. ROQUE:** Yes, please.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** Hi, Secretary Galvez! Good afternoon po. Sir, doon lang po sa Gamaleya, Sinovac and iyong from AstraZeneca, iyong COVAX vaccines, just a clarification on the timeline, sir. Tama po iyong Sinovac is expected to arrive this month, 1.5 million? Iyong Gamaleya po ba darating na po at least 500,000 this month? And iyong sa COVAX, kasi I understand si Dr. Rabi said yesterday that because of the problem nga po sa global supply ng vaccines, posible daw pong ma-reduce iyong quantity na darating this month. Tama po ba iyon?

**SEC. GALVEZ:** Iyon ang nakikita natin na talagang iyong fix na dates ng delivery ng Sinovac ay talagang sa April and also iyong Gamaleya is 500,000 iyon ang initial na doses na we are negotiating also with the government of Russia. And iyon nga, talagang considering also with the global constriction on AstraZeneca ay talaga pong magkakaroon po, most probably, talagang magkakaroon po ng reduction. But hopefully iyong mga kinausap po natin, ng DFA, ni Secretary Locsin especially iyong sa Europe and also sa US, hopefully na magkaroon po ng fruition iyong aming mga negotiation.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** Sir, iyong sa COVAX po, iyong sa AstraZeneca, mababawasan po ba iyong quantity na darating po?

**SEC. GALVEZ:** Iyon po, ang sinabi ko nga po na talagang pong very constricted ang supply ng AstraZeneca considering that ang Europe they forbid iyong pag-export, at the same time ganoon din ang mga supplies natin na dito sa India and also US. We are still negotiating dito sa mga countries na ito na kung puwede mabigyan tayo ng at least iyong assurance that some of the doses na puwede nating makuha ay mabigyan po tayo. Ang ano po naman natin doon, ang kinukuha lang naman natin access. We will pay all those vaccines.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** All right. Thank you, sir. Thank you also to Spox and Sec. Vince, and regard to Dr. Salvaña. Salamat po.

**SEC. ROQUE:** Thank you, Trish. Punta tayo uli kay Usec. Rocky, please.

**USEC. IGNACIO:** Yes. Secretary, tanong ni Rose Novenario ng Hataw: Ano ang nararamdaman ng Palasyo sa hinagpis ng health care workers? Makikipag-dialogue ba ang Malacañang sa grupo ng health care workers kagaya ng ginawa ni US President Joe Biden?

**SEC. ROQUE:** Alam ninyo napakalaki po talaga ng utang na loob natin sa mga medical frontliners natin. Sila po talaga ang ating mga sundalo dito sa giyera laban sa COVID-19 at naintindihan po natin iyong hirap na walang katapusan po iyong dumarating na mga pasyente dahil nga po pumasok itong mga new variants na nakakahawa. So nagbibigay-pugay po tayo at binibigay naman po natin ang lahat ng pangangailangan ng ating mga health workers: Sa ating Bayanihan Act eh mayroon po tayong mga binibigay na benepisyo kung sila po ay magkakasakit; sinisigurado po natin na kumpleto sila ng PPE at iba pang mga protective equipment nang ang kanilang kalusugan ay mapangalagaan; binibigyan po natin sila ng mga dormitoryo dahil alam po natin na iyong ilang mga nurses lalung-lalo na ay nagdu-duty sila nang 2 weeks at sinasagot na po natin ang gastos ng dormitoryo 'no.

At siyempre po kung ang tanong ay gusto pang makipagdiyalogo, ang Presidente naman po talagang bukas ang kaniyang tanggapan para sa lahat ng Pilipino na mayroong mga hinagpis na nais iparating sa kaniya. Pero hindi na po kinakailangang hingin iyan dahil ang Presidente naman po talaga patuloy po ang kaniyang pagdidiyalogo sa mga miyembro ng mga medical frontliners. Kada kami ay nagkikita po, kinukuwento niya kung sino naman ang nakausap niyang doktor dahil siya mismo po gumagawa ng hakbang para malaman kung ano talaga po ang nangyayari sa ating mga medical frontliners.

**SEC. GALVEZ:** Sec. Harry, puwedeng magdagdag ako?

**SEC. ROQUE:** Opo, opo.

**SEC. GALVEZ:** Sec. Harry kahapon po na Monday na Monday ay kasama ko po si Sec. Vince, talagang binisita namin iyong East Avenue Medical Center, Lung Center at saka iyong NKTI and then also nabisita ko na rin iyong PGH at hinihiling nga po na magkaroon po ng extra hotels iyong ating mga COVID-affected nurses and doctors.

So sa ngayon po we are negotiating for 80 rooms para sa PGH, sa East Avenue po mga 20 rooms, and then also sa Lung Center ay 20 rooms at saka NKTI – with the total of 280 beds. Iyon po ay inano po namin na in-assure po namin na talagang tutulungan po ng gobyerno ang ating mga afflicted na mga health care workers at saka po talaga nagpu-provide po tayo ng support na at least iyong ano po, ma-ease up po iyong kanilang mga pressure.

Nakita ko po sa East Avenue at saka sa Lung Center at saka sa NKTI, high morale po iyong ating mga health care workers kahit nakita po namin ang pagod nila, ang dedication po nila nakaka-inspired po ang dedication ng ating mga health care workers. At ako po ay talagang humahanga po talaga sa kanila kasi talagang halos… dito po sa PGH more than 200 po ang affected na nagkaroon po ng COVID pero talagang tuluy-tuloy pa rin po ang kanilang pagbabakuna, tuluy-tuloy ang kanilang pag-aano sa mga emergency room at tuluy-tuloy rin po ang talagang pag-agapay nila po sa kanilang mga talagang naghihirap po natin na mga ibang mga pasyente at talagang tinutulungan po nila.

So ako po ay talagang saludung-saludo sa ating mga health care workers at sinasabi nga po nila na gusto nga po nila na magkaroon po ng message ang ating mahal na Presidente para sa kanila. And then I gave them iyong message na pinagawa po ng RTVM at maraming, maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Opo Question from Vivienne Gulla ng ABS-CBN para po kay Secretary Galvez. Although iyong una pong tanong niya ay nabanggit na po ni Secretary Galvez sa kaniyang presentation pero may follow up lang po siya na iyong 3 million doses of Sputnik V at 1 million doses [unclear] ay mula sa COVAX Facility at saang areas daw po ia-allocate itong 5.5 to 6 million vaccine doses na ini-expect ngayong Abril?

**SEC. GALVEZ:** Ngayong Abril po talaga pong nakita po natin na talagang nahihirapan po tayo sa supply. Even iyong China talagang ang ginawa po niya is almost 2 million po ang order po natin ay talagang ni-reduce po ang order natin to 1.5 dahil kasi po kailangang-kailangan din po nila doon sa China at saka sa mga maraming naghihirap na mga ibang countries. So iyong atin pong ini-expect na 4 million for this April ay nagkaroon po ng slippage na almost only 2 million ang matatanggap po natin. At inaasahan din po namin sa mga susunod na mga buwan ay ganoon din po ang mangyayari, talagang ang ating sitwasyon po sa global supply ay napakahirap po iyong first quarter at saka second quarter.

We are expecting an easing up of supply kapag natapos na po ang pagbabakuna ng mga apat na malalaking countries dito po sa ibang mga area ng Europe, dito sa US, sa China saka sa India saka sa UK. Ito pong mga countries na ito ang mga producing countries ng vaccine at ang nangyari po ay mayroon po silang directive na uunahin po nila na matapos ang kanilang mga populasyon. Iyon po ang sitwasyon po natin po talaga ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Ang second question po niya: Makakaapekto po ba sa vaccine deliveries mula China ang dispute ng Pilipinas kaugnay ng Julian Felipe Reef?

**SEC. GALVEZ:** Ang inaano po natin na separate po iyong isyu po na iyan. Ang ano po natin ngayon ay the Chinese government is joining us in fighting against COVID-19. It's a fight for humanity, saka ang ano po natin diyan is talaga naman itong isyu ng West Philippine Sea ay iba po iyan.

**SEC. ROQUE:** Siguro idadagdag ko lang 'no and this is an official statement from the President: We will continue to resolve the issues on Julian Felipe through diplomatic channels and through peaceful means. Whatever differences we have with China will not define our bilateral relations. It will not be an obstacle to the overall positive trajectory of our bilateral friendly relations and our deepening cooperation pandemic response, including vaccine cooperation and in post pandemic economic recovery.

Joseph Morong, please.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** Sir, good afternoon. Can I go first to Secretary Vince, then Secretary Galvez and then finally to you later.

**SEC. ROQUE:** Yes, go ahead please.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** Sec. Vince, hello, sir!

**SEC. DIZON:** Yes. Good afternoon, Joseph.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** Sir, good afternoon. Sir, i-fine tune ko lang po iyong ating testing data. Would you be able to—let's focus on the testing during the ECQ period. Would you be able to provide us with the number of test that we have done during the ECQ and what areas did we focus this testing on?

**SEC. DIZON:** Thank you, Joseph, yeah if I can just show this. So this is the testing from March 20 to April 2. We can give you more data on this, pero makikita natin na ang average natin ay lampas 50,000 per day, halos kalahati niyan ay NCR Plus 'no ang testing. Kasi siyempre magti-test talaga tayo ng madami, higit na marami doon sa area na may surge 'no. So, we are looking at roughly more than 25,000 tests per day in the NCR Plus area. Pero puwede nating ibigay sa iyo iyong total na data, Joseph, later on.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** Meaning sir, does this represent an increase in the usual testing numbers that we have before the ECQ. Because the question, sir, is – this is one of our producers, si Geco – are we doing targeted testing, are we doing enough targeted testing to lower iyong ating positivity rate to at least bring it down to 5% which is the WHO standard?

**SEC. DIZON:** Ganito po ano, ia-address ko po iyong positivity rate in a bit. Pero to answer your first question mas mataas ba ang testing natin during the surge or during the ECQ kasya doon dati. Ang sagot doon definitely malaki 'no, sa NCR lang nag-a-average tayo dati normally noong bago tumaas ang mga numero natin ng mga mahigit sampung libo lang kada-araw; ngayon ang NCR natin ay mahigit doble noon.

So kailangan talaga kapag may surge, mas active tayo sa paghahanap ng mga kaso.

Ngayon, doon sa sagot ng positivity rate, totoo iyan na ang target positivity rate natin ay 5%, sabi ng WHO. Pero siguro naman lahat tayo ay medyo nakakaintindi ng math ng kaunti. Totoo na kapag dinamihan natin iyong total test at iyong denominator natin, iyong pinangdi-divide natin ay tumaas, bababa iyong ating porsiyento.

Pero ang tingin ng mga eksperto natin, ang solusyon sa pagpababa ng kaso at ng positivity rate ay ang minimum health standards - pagsusuot ng mask, paghuhugas ng kamay, pagdidistansiya, mabilis na pag-i-isolate at pagti-trace ng mga contacts. Iyon ang solusyon sa surge of cases natin ngayon.

Ang pagpapataas ng testing para lang mapababa nag isang porsiyento ay mangyayari iyon, talagang kapag itinaas po ang denominator, dinamihan natin iyong test, bababa ang porsiyento pero hindi iyon ang ultimate solution at hindi iyon ang tamang solusyon. Para lang nating medyo niloloko ang sarili natin doon.

So, ang importante lang talaga is mag-test tayo, targeted, ngayon dadagdag tayo ng antigen test pero importante pa rin iyong iba't ibang istratehiya para ibaba ang ating mga kaso; walang magic bullet Joseph 'no at walang mabilis na pagsasaayos nitong sitwasyon natin ngayon, kailangan gagawin natin lahat.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** Okay, sir, thank you for the explanation. Can I go to Secretary Galvez, please?

**SEC. ROQUE:** Go ahead, please.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** Secretary Galvez, sir, good afternoon and nice to see you again. Sir, my question is—ang overarching theme is vaccination as a strategy po to contain iyong spread ng COVID sa NCR. Now my question, sir, is: Is it our goal sa NTF to vaccinate 70% of the population of NCR such that we can achieve at least for that region herd immunity?

**SEC. GALVEZ:** Yes. Isa sa mga strategy natin iyon, iyon ang sinasabi ng mga ibang experts at saka tinatawag natin na mga private sector at saka iyong former secretaries ng DOH, kinonsult po namin sila at nakita nila, sabi nila mas maganda sa populace areas tayo. Kasi kung just in case na magkaroon tayo ng slippage, kailangan iyong mga mostly affected areas at saka iyong tinatawag nating mga economic centers at saka mga vulnerable areas ang talagang tirahin natin.

So sa ngayon nakikita natin iyong ating herd immunity target na 70 million with the slippage of the production most probably baka bumaba tayo ng mga 50%. Pero ang gagawin po natin, in order to offset that, offset that target, ang gagawin po natin unahin po natin iyong pinakamalalaking area na talagang tinatamaan ng COVID-19 - ang Metro Manila, ang Greater Metro Manila, iyong Region IV-A at saka iyong Region III kasama po ang Cebu at saka po iyong areas ng Davao at saka iyong Region VI and even also iyong Region IX.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** Okay. Sir, I can say sir that we are targeting herd Immunity at least for NCR, Cebu and Davao. Sir, how are we going to do that? Does that mean sir that we are proceeding with A1 to probably what … A4 to A5, meaning, we have to vaccinate 70%. So hindi na lang po tayo limited doon sa A1, 2, 3?

**SEC. GALVEZ:** Ang ginagawa po natin last Monday, last, last week nag-present po tayo kay Mayor, si Mr. President na talagang ang ginawa natin ngayon, sa ngayon ay nagko-combine na po tayo ng A1 to A3. And we are recommending na by May considering na ito iyong tinatawag na Labor Day we can open up iyong tinatawag natin mga economic frontliners, iyong mga laborers natin, iyong mga tinatawag nating vulnerable laborers. So tamang-tama by May we are recommending to NITAG, darating na rin iyong mga order ng ating mga private sector na coincidence sa celebration ng Labor Day ay isasama na rin po natin iyong A4 at saka A5.

So iyon po ang gagawin po namin this coming May we will recommend na iyong A1, A2, A3, A4 and A5 will be included already sa mga segments ng priority natin.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** And by that schedule, when do we hope to achieve herd immunity as far as NCR is concerned?

**SEC. GALVEZ:** Ang nakita natin, sa ngayon kasi kung makita natin iyong disposisyon ng ating mga vaccine, iyong 1.4 million natin na Sinovac, more than 80,000 ang dine-dedicate natin sa Metro Manila.

And now may mga Metro Manila Mayors nagri-recommend sila na puwede nilang i-vaccinate iyong A4, considering na iyong iba natapos na rin sila sa A1 to A3. At saka alam natin talaga Joseph, may limitation kasi iyong Sinovac hindi natin puwedeng gamitin iyan sa mga elderly at alam natin na 9 million iyong elderly population, so we will wait for the coming of AstraZeneca and Gamaleya and other vaccines that can be used for elderly.

**JOSEPH MORONG/GMA NEWS:** Sir, just on the topic pa rin, sir. Sir, kasi ang projected population according to our news research based on the data ng PSA is something like 13 or 14 million ng NCR and if we are taking the 70% there will be 9.8 million or roughly 10 million, sir. Kung 10 million po iyong kailangang bakunahan sa NCR, when can we finish this considering our supplies? Kasi, sir, kung tama iyong computation ko, by July you will have 29 million doses, so that is 14 million. So can we say sir that we can finish—assuming there are no trouble in the rollout, can we say sir that by July we have been able to finish at least 9 million or 10 million of our population in the NCR and that we can achieve herd immunity?

**SEC. GALVEZ:** Ang nakikita ko, iyong kapag once na dumating na iyong AstraZeneca na majority nasa NCR, alam po natin iyon 2.6 million po iyon na ano po natin. And basically, kapag once dumating po iyon sa atin ay i-dedicate po iyon ng mga private sector dito po sa Metro Manila, kasi marami pong nag-order kasi karamihan po ng nag-order dito sa Metro Manila at noong nag-usap po kami ng MMDA Chairman Benhur Abalos at saka po kay GM Jojo Garcia, ang sabi nila sa estimate nila kapag nakuha po iyong 5 million sa Metro Manila, nakita natin na medyo maganda po ang magiging result nito sa ating containment. Kasi nakita nila iyong dito sa Metro Manila iyong mga iba naman hindi gaanong affected iyong most affected lang ang pupuntahan natin.

So basically kung, for example, sa 17 cities iyan, so titingnan natin na iyong mga iba ay 20% lang ang kailangan, iyong iba ay 50%, iyong iba 70%. So mayroong tinatawag tayong granular vaccination program.

So they estimated na kapag once nakuha natin iyong five million sa Metro Manila, parang nakikita natin iyong mga affected area, sakop na po natin.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Okay. So, sir, at least medyo parang mas manageable po kung five million. Sir, sa presentation ninyo – just one last – sir, parang doon sa arrival ng vaccines natin, nawala na iyong COVAX sa April and sa May. What happened there, sir?

**SEC. GALVEZ:** Ang ginagawa ko, hindi ko na po nilalagay iyong ano, iyong sa COVAX considering that ano iyan eh, indefinite kasi iyong kanilang delivery. Parang in essence, parang added ano lang siya, for just in case. Kasi nakita po natin talaga ngayon na nahihirapan po talaga ang COVAX. In fairness with them, na talagang their intention is really to have iyong equitable access for us. Nakikita po natin talaga, nahihirapan po sila na mai-gather iyong required vaccine for more than 92 countries na involved dito sa COVAX.

Napakahirap po talaga, Joseph. Talagang kumbaga sa ano, nakita namin hirap na hirap na rin si Dr. Rabi. And I really empathize with them na talagang nahihirapan po sila na makakuha ng vaccines, especially po iyong AstraZeneca na talaga ito po ang mainstay dito po sa Europe and also dito sa Southeast Asia and also the areas of Indian archipelago po.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much. Back to Usec. Rocky.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Just one question, sir.

**SEC. ROQUE:** Sige na nga, one question please. Go ahead.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir, sa OCTA Research, iyong study nila today might bring you some good news. One point fifty-three iyong reproduction rate for NCR from 1.88. And some cities are noting negative increases like Pasay, Marikina, Makati, Parañaque and Manila. Question, sir: Does this inspire us to relax the community quarantine after April 11 or do we need to wait a little more? And what are the cities doing that we can probably copy for the rest of the region, sir, in NCR?

**SEC. ROQUE:** Too early to say na talagang epektibo iyong ginawa nating travel bubble 'no kasi isang araw pa lang ang nakakalipas matapos ang dalawang linggo. Pero titingnan po natin dito sa mga susunod na araw 'no. Mas magandang basehan po iyan kapag makakuha na tayo ng average.

Pero sa tingin ko naman po, lahat ng mga hakbang na ginawa natin ay magkakaroon talaga ng mabuting epekto, bababa po talaga ang ating R0. Okay, maraming salamat. Usec. Rocky, please.

**USEC. IGNACIO:** Yes, from Pia Rañada of Rappler. For Secretary Galvez and kay Secretary Roque din daw po: How has President Duterte contributed to thinking of proposals on how to address the current surge in cases and implementation of the ECQ? What ideas has he contributed?

**SEC. ROQUE:** Lahat po kami ay guided by his wisdom 'no. Ang sinabi po talaga niya, unang-una, ito po talaga ay mas nakakahawang mutations 'no so kinakailangan talaga sabihin sa taumbayan, hindi sa nananakot, na kinakailangan paigtingin talaga iyong ating mask, hugas at iwas 'no.

At pangalawa, kaya nga po sinasabi niya, gawin ang lahat nang dapat magagawa para nga po maparating ang mga bakuna kasi talagang bakuna po ang solusyon diyan.

At pangatlo po, iniengganyo niya at hinihikayat niya lahat ng mga lokal na pamahalaan, makipagtulungan po doon sa ating DOH para doon po sa ating tinatawag na prevention, detection, isolation, tracing and rehabilitation initiatives. Pinakaimportante po diyan iyong the Rabi model kung saan nagbabahay-bahay na po ang mga lokal na pamahalaan at ang DOH, naghahanap ng mga may sintomas para mai-test at ma-isolate.

At siyempre, ang sinabi nga niya, ‘Puwede ba, kinakailangan talaga na mapaigting na itong ating tracing.’ At sa totoo lang, itong lahat ng kontrobersiya sa app na ginagamit natin ngayon ay naresolba po iyan dahil the President said kinakailangan mapatupad na iyan.

**USEC. IGNACIO:** Secretary Galvez?

**SEC. GALVEZ:** Iyon pong nakita po natin iyong directions na sinasabi ng ating mahal na Presidente, unang-una, iyong slogan sinasabi natin na we cannot be safe unless we are all safe. Iyon ang sinabi niya na talagang directive niya sa amin, wala tayong iiwanan, walang maiiwan. So iyong mga mahihirap, priority iyan.

So nakita natin na sa una pa lang sinasabi niya na iyong importante na magkaroon tayo ng self-sufficiency doon sa vaccine. Sinasabi nga niya na kinakailangan tayo talaga ay magkaroon ng self-sufficiency in terms of makaimbento tayo ng sarili nating vaccine. So sa ngayon, pinu-push niya po iyong tinatawag natin magkaroon tayo ng sariling vaccine institute. At the same time, nakikita natin na iyong kaniyang strategy na talagang sinasabi niya na iyong ano, parang trinity of war na ang importante po sa pandemya na ito iyong trinity of war, iyong importance ng national government setting the direction. Second, iyong ano po, iyong importance ng local government in implementing the rules at saka iyong tinatawag nating discipline at saka iyong PDITR at minimum health standard.

At ang pangatlo po na pillar po natin ay iyong people support at saka iyong private sector support. Kasi po talagang nakikita po natin, ito po ang nakita natin sa kaniyang leadership, marami pong mga private sector ang naengganyo na tumulong po. Ever since noong nagsimula po tayo sa tinatawag nating whole of nation, whole of government approach.

So iyon po ang nakita natin, iyong direction at saka iyong strategy po ng ating mahal na Pangulo. Kung titingnan ninyo iyong wisdom niya, napakalalim ng kaniyang mga iniisip. At saka sinasabi nga niya, binibigyan tayo ng hope na itong pandemyang ito ay malulusutan natin ito. Dahil kasi tayo ay matibay na tayo sa lahat ng mga pandemya at saka sa mga typhoons na dumating sa atin at ang mga lindol na dumating sa atin, kaya itong pandemyang ito ay malulusutan po natin. It will come to pass.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Galvez. For Secretary Roque, tanong ni Celerina Monte, although nasagot ninyo po. Pero may follow up siya: Nakatulong po ba talaga iyong price cap considering na hindi rin naman talaga fully siya nasunod? Regarding po doon sa meat, Secretary Roque.

**SEC. ROQUE:** Sa tingin ko po mas naging mas mahal ang ating mga presyo ng baboy kung hindi po tayo nagkaroon ng price cap.

**USEC. IGNACIO:** Question from Jo Montemayor ng Malaya: Nakapagbakuna na po ba ng second dose sina Secretary Galvez at Secretary Dizon? Kailan? At kumusta na raw po ang pakiramdam nila?

**SEC. GALVEZ:** Sa akin po, nakapag-second dose na po ako noong last March 29. At nakita ko po medyo mas malakas po iyong side effects ng March 29, pero maganda po iyon sabi ng mga doktor kapag may side effects na parang inaantok ka at parang gusto mong matulog. Parang ang ibig sabihin, umiepekto po iyong vaccine.

So iyon po ang nakita natin. Pero ang nakita ko po, kahit na po ako ay nakapag-vaccine na po, ang ginagawa nating strategy ang vaccine plus. So maingat pa rin po ako kasi nakita po natin iyong ibang mga health care workers na nabakunahan na sila na tinamaan pa rin po sila dahil kasi nagkaroon po o naging masyadong over confident.

So ang ano po natin, sa akin lang po, pakiramdam ko po is lalo po akong nabuhayan ng loob dahil kasi tama po ang ating mahal na Presidente na kapag once na nabakunahan na po kayo parang nagkakaroon ka ng confidence, but nandoon pa rin iyong caution.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary Dizon?

**SEC. DIZON:** Opo. Ako po ay nakatanggap na rin ng second dose ko noong March 29 sa Tala Hospital sa Caloocan. At mayroong kaunting antok lang pero wala nang ibang naramdaman since then. So ang importante lang, uulitin ko iyong sinabi ni Sec Galvez na ang importante kahit na nabakunahan na po, tuluy-tuloy pa rin po ang pagsusuot ng mask, laging paghuhugas ng kamay at pag-a-avoid sa matataong lugar.

**USEC. IGNACIO:** Opo, thank you. For Secretary Roque, tanong po ni Llanesca Panti ng GMA News para kay Secretary Galvez. Although, Secretary Galvez, nasagot ninyo na rin po ito, iyong kung kailan daw po darating iyong AstraZeneca 900,000 doses from COVAX.

From Sam Medenilla for Secretary Roque: May response na po kaya si President Duterte sa latest letter from the House of Representatives asking him to reconsider daw po decision to recommend increasing the Minimum Access Volume for pork to 350,000 metric tons and reduce in quota tariff for pork from 30% to 5%?

**SEC. ROQUE:** Ibinalik po ni Presidente iyong desisyon na iyan sa Kongreso, so mga congressman at mga senador po ang gagawa ng desisyon.

**USEC. IGNACIO:** Tanong naman po ni Kyle Atienza ng BusinessWorld, Secretary Roque: Has the President signed the draft proclamation seeking to declare state of emergency due to ASF? May update na po ba sa pondong ilalaan dito?

**SEC. ROQUE:** Wala pa po kaming impormasyon kung napirmahan na iyan.

**USEC. IGNACIO:** From Dreo Calonzo ng Bloomberg for Secretary Galvez: When do we expect to sign a supply deal with Gamaleya and for how many doses? Are there pledges for donations or are we buying all the vaccines from them?

**SEC. GALVEZ:** Ang ano po natin ay ang access po na we will buy the 20 million Gamaleya doses. Iyon po ang kanilang pangako na they can offer 20 million and then we can add another

20 million. Sa ngayon po titingnan po na muna natin so nag-order muna tayo ng 500,000 so that we can see if the effect—na just in case na maganda po ang maging ano po nito ay tuluy-tuloy po natin na iaangkat po iyong 20 million.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Second question po niya: What's our vaccination strategy now? Are we using existing supply to give as many people their first shot or are we reserving them as second shot for those already vaccinated?

**SEC. GALVEZ:** Sa ngayon po para po talaga iyong tinatawag nating sa logistics ay hindi po mahirapan, ang ginagawa po natin na kasama na po iyong second dose sa logistics para po alam po ng mga hospital na iyong kanilang doses, nandoon na po iyong first dose at saka second dose. Para may feeling po ng security iyong mga babakunahan po natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Sherrie Ann Torres for Secretary Roque: Health workers from various government hospitals in a news conference today appealed to the IATF, DOH, government to look at the healthcare workers concern about their shortage of PPEs na tsina-charge daw po sa kanila—tsina-charge daw po sa mga pasyente ngayon, face shield na sila ang bumibili, N95 face mask na pinapagamit sa kanila nang tatlong araw. Nanawagan din po sila na i-ensure rin ang health and safety nila at bigyan sila ng health supplements, ibigay ang allowances at benefits na mahigit isang taon na nilang hinihintay, pati na daw po ang dagdag health personnel sa mga hospital. Sabi nila pagod na pagod na ang health workers at in the brink of collapse ang mga government health service. Ang reaksiyon ninyo daw po.

**SEC. ROQUE:** Unang-una, hindi po dapat nagkukulang ng PPE dahil iyan po ang pinangako ng Presidente 'no. Dahil nga sila ang mga bagong bayani, lahat ng kinakailangan nila para maprotektahan ang kanilang mga sarili, ibibigay ng gobyerno, walang gastos – ganiyan din po pagdating sa mga mask, pagdating po sa shield. Eh kung sa sambayanang Pilipino nga nakakabigay tayo nang libreng mask eh bakit hindi pa sa health workers?

Pagdating doon sa mga ibang benepisyo, ang alam ko naman po talagang regular po ang follow up natin na lahat ng mga benepisyo na nakasaad po sa Bayanihan ay dapat nabibigay po ng ating Department of Health. Kung mayroon po silang specific na mga reklamo eh iparating lang po sa atin at ipa-follow up po natin iyan sa Department of Health.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang second question po niya: Sabi daw po ng isang doktor ng grupong Shape Up puro meeting na lang daw po ang ginagawa ng IATF, wala naman daw nakikitang concrete result ang healthcare workers para sa kanilang concerns at sa hospital especially iyong supply of medicines.

**SEC. ROQUE:** Naku po, lahat po noong PPEs, lahat po ng mga shields, lahat po ng gamot, lahat po ng mga tests, lahat po iyan ay nabili dahil po sa desisyon ng IATF.

**USEC. IGNACIO:** Third question po niya: Any directive from the President to speed up the delivery of the healthcare workers concerns po?

**SEC. ROQUE:** Well, talaga naman pong lahat po iyang mga concerns nila ay iparating lang sa atin. At alam ninyo po mayroon na nga po ng mga nasuspindeng opisyales sa DOH 'no dahil nga po nagkaroon nang pag-antala doon sa pagbigay sa mga benepisyo, hindi po iyan kinukonsinte ng ating Presidente. So ang specific complaints, iparating ninyo po sa atin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. I think for Secretary Dizon po ito, from Llanesca Panti of GMA News: How many po ang na-test using RT-PCR since pandemic begun in March 2020 and how much has the government, PhilHealth has spent for this RT-PCR tests?

**SEC. ROQUE:** I think that's asked and answered already. Pinakita na iyan kanina ni Secretary Vince. Usec., can we wrap up na because it's already one hour of Q and A.

**USEC. IGNACIO:** May pahabol lang pong tanong si Ace Romero for Secretary Galvez: How doable po iyong A1, A2, A3, A4, A5 na vaccination sa May given na ang dami po nila at handa na po ba ang gobyerno?

**SEC. GALVEZ:** Ang ano po natin, kaya nga sinasabi natin na iyong focused area. Sa focused area puwede po tayong magkaroon ng ganoon po na hanggang sa May. Kasi ang inaano po natin napag-aralan po ng ibang mga expert natin lalung-lalo na po iyong Boston Consulting Group na kapag nagkaroon po ng sequential, it will take time, talagang magkakaroon ng hintayan. At noong umikot nga kami sa mga hospital, mayroong mga 20% or 27% ang talagang ayaw pang magpapauna.

So ang ginagawa po natin kapag mayroon pong dumating na mga ibang bakuna na talagang preference po nila ay puwede po nating ibigay po sa kanila po iyon. Nakikita ko po puwede po iyon kasi nakita natin sa May mayroon po tayong expected na delivery na more than 4 million. So iyon po ang inaano po natin na just in case dumating po lahat po iyon, makikita po natin na puwede po tayo talagang magpabakuna, iyong talagang A1, A2, A3 at saka A4 at 5.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pasensiya na po, last na po ito Secretary Roque at Secretary Dizon and Secretary Galvez. May patanong po si Joseph Ramos ng Business Mirror. Tanong lang niya: What is the status daw po ng request ng PBA, Philippine Basketball Association to open its Season 46? What is the recommendation of the IATF so far? Is the availability of the vaccine crucial in their opening? At any of the IATF officer can answer daw po.

**SEC. DIZON:** Salamat, Joseph. Wala pa po kaming natatanggap na request galing sa PBA pero siyempre po ngayon na nasa ECQ tayo eh siguro maghintay ho muna tayo hangga't masolusyunan natin itong pagdami ng mga kaso.

**SEC. ROQUE:** Okay. Thank you very much Usec. Rocky at maraming salamat po sa ating mga naging panauhin – si NTF Chief Implementer Secretary Carlito Galvez, NTF Deputy Chief Implementer and Testing Czar Secretary Vince Dizon and UP-PGH Professor Dr. Edsel Salvaña. Maraming salamat, Usec. Rocky. Maraming salamat sa ating mga kasama sa Malacañang Press Corps.

Sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque nagsasabi: Kaya natin ito, Pilipinas. Babangon tayong muli.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center